

**Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange  
2025 Espesyal na Pangunahing Halalan sa Distrito 36 ng Senado ng Estado  
Ika-25 ng Pebrero, 2025  
Anunsyo sa Sebisyo Publiko**

<b>VOICEOVER</b>
Nagsimula na ang pagboto noong ika-dalawampu't lima ng Pebrero, Dalawang Libo at Dalawampu't Lima na Espesyal na Pangunahing Halalan sa Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado.
Ang mga balota ay ipinadala sa lahat ng rehistradong botante sa Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado.
Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange ay dedikado sa pagprotekta sa karapatan ng bawat botante na bumoto nang madali at ligtas.
Mayroong apat na paraan upang iboto ang iyong balota.
Isa. Maaari kang bumoto sa pamamagitan ng koreo. Walang kinakailangang selyo. Ang iyong balota ay dapat na namarkahan ng koreo bago ang ikadalawampu't lima ng Pebrero.
Dalawa. Maaari mong ilagay ang iyong balota sa isa sa tatlumpu't anim na ligtas na drop box sa Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado o ibalik ito sa isa sa aming apat na drop off na lokasyon...
...o Tatlo. Dalhin ito sa alinmang Sentro ng Pagboto sa Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado.
Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Santa Ana ay mayroon ding drop box ng balota at available para sa lahat ng serbisyo sa botante.
At Apat. Maaari ka ring bumoto nang personal sa alinman sa mga Sentro ng Pagboto.
Pumili ng Sentro ng Pagboto sa Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado na bukas sa ika-labinglima ng Pebrero. Sampung karagdagang Sentro ng Pagboto sa Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado na bukas sa ikadalawampu't lima ng Pebrero.
Ang lahat ng Sentro ng Pagboto at drop box ng balota ay magsasara ng alas-otso ng gabi sa ikadalawampu't lima ng Pebrero. Ang aming apat na drop off na lokasyon ay magsasara sa kanilang normal na oras ng negosyo.

Para sa mga lokasyon at oras ng mga Sentro ng Pagboto, bisitahin ang [O-C-Vote \[dot\] gov \[slash\] votecenter](http://O-C-Vote.gov/votecenter).

Maaari mo ring tawagan ang aming Hotline ng Botante sa eight-eight-eight-O-C-VOTES. Eight-eight-eight-six-two-eight-six-eight-three-seven para sa higit pang impormasyon.

Alalahanin ang Ika-tatlumpu't Anim na Distrito ng Senado ng Estado, Bumoto nang Madali. Bumoto nang Ligtas.